

INFORMATION SHEET TUNGKOL SA PAGINGIL SA PASYENTE AT PINANSIYAL NA TULONG

Johns Hopkins Medicine
The Johns Hopkins Hospital
Johns Hopkins Bayview Medical Center
Howard County General Hospital
Suburban Hospital

Ang Mga Institusyong Medikal ng Johns Hopkins ay nakatuon sa paglalaan ng pinansiyal na tulong sa mga pasyente na may mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at walang insurance, kulang sa insurance, hindi kwalipikado para sa programa ng gobyerno, o kung hindi man ay walang kakayahang magbayad, para sa medikal na kinakailangang pangangalaga batay sa kanilang indibidwal na sitwasyong pinansiyal.

Buod ng Mga Kinakailangan para sa Kwalipikasyon at Inaalok na Tulong

Patakaran ng Mga Institusyong Medikal ng Johns Hopkins na maglaan ng pinansiyal na tulong batay sa kahirapan o labis na medikal na utang para sa mga pasyente na natutugunan ang mga nakatukoy na pamantayang pinansiyal at humihiling ng naturang tulong.

Nag-aalok ang ospital ng pinansiyal na tulong sa ilang mga indibidwal sa ilalim ng Patakaran ng Pinansiyal na Tulong. Kung wala kang kakayahang magbayad para sa medikal na pangangalaga, maaaring maging kwalipikado ka para sa Libre o Mababang Halaga na Medikal na Kinakailangang Pangangalaga kung ikaw ay:

- Isang mamamayan ng Estados Unidos o permanenteng residente na nakatira sa Estados Unidos nang hindi bababa sa isang taon (hindi kailangan para sa mga Suburban na Ospital o sa Howard County General Hospital)
- Walang ibang pagpipiliang insurance
- Tinanggihan ng medikal na tulong o hindi nakatugon sa lahat ng kinakailangan upang maging kwalipikado
- Nakatutugon sa tiyak na pamantayang pinansiyal

Ang mga indibidwal na kwalipikado para sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng Patakaran ng Pinansiyal na Tulong ay hindi sisingilin nang higit pa sa mga kabayaran karaniwang sinisingil (amounts generally billed (AGB)) para sa mga pang-emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga.

Buod ng kung paano Mag-apply para sa Tulong sa ilalim ng Patakaran ng Pinansiyal na Tulong

Upang makatanggap ng mga libreng kopya ng Patakaran ng Pinansiyal na Tulong at Aplikasyon ng ospital, at para sa mga tagubilin sa kung paano mag-apply, mangyaring bisitahin ang aming website sa: https://www.hopkinsmedicine.org/patient_care/billing-insurance/assistance-services/#financial_assistance o bisitahin ang isang Tagapayong Pinansiyal sa Tanggapan ng Admisyon ng ospital. Upang makatanggap ng libreng kopya ng Patakaran ng Pinansiyal na Tulong at Aplikasyon sa pamamagitan ng koreo, tumawag sa 443-997-3370 (lokal) o 1-855-662-3017 (walang toll) upang humiling ng kopya o magsumite ng nakasulat na kahilingan sa Johns Hopkins Health System, Customer Service - Financial Assistance, 3910 Keswick Road, S-5300, Baltimore, MD 21211.

Mangyaring tumawag sa Customer Service sa 443-997-3370 (lokal) or 1-855-662-3017 (walang toll) o magpadala ng email sa pfscs@jhmi.edu o bumisita sa isang Tagapayong Pinansiyal sa Tanggapan ng Admisyon ng ospital para sa mga katanungan tungkol sa:

- Patakaran ng Pinansiyal na Tulong at Aplikasyon
- Iyong bill sa ospital
- Iyong mga karapatan at obligasyon kaugnay ng iyong bill sa ospital

- Iyong mga karapatan at obligasyon kaugnay ng mababang halaga na medikal na kinakailangang pangangalaga dahil sa pinansiyal na kahirapan
- Kung paano mag-apply para sa libre at mababang halaga na pangangalaga
- Kung paano mag-apply para sa Medikal na Tulong ng Maryland (Maryland Medical Assistance) o ibang programa na maaaring makatulong sa pagbayad ng iyong mga medikal na bill.

Mahamanap ang mga salin sa ibang wika ng Patakaran ng Pinansiyal na Tulong at lahat ng kaugnay na dokumento sa aming website sa: https://www.hopkinsmedicine.org/patient_care/billing-insurance/assistance-services/#financial_assistance

Medikal na Tulong ng Maryland

Maaari ka ring maging kwalipikado sa Medikal na Tulong ng Maryland. Para sa impormasyon tungkol sa Medikal na Tulong ng Maryland, makipag-ugnayan sa iyong lokal na departamento ng Serbisyong Panlipunan (Social Services) sa 1-800-332-6347 (TTY 1-800-925-4434) o bisitahin ang: www.dhr.state.md.us

Mga Karapatan at Obligasyon sa Pagsingil

Hindi sinasaklawan ng insurance ang lahat ng medikal na gastos. Nagsisikap ang ospital na matiyak na tama ang pagsingil sa iyo. Ikaw ang bahala na magbigay ng kumpleto at tumpak na impormasyon tungkol sa saklaw ng iyong medikal na insurance kapag dinala ka sa ospital o bumisita sa klinika para sa outpatient. Makatutulong ito na tiyakin na masisingil ang iyong kompanya ng insurance sa tamang oras. Kinakailangan ng ilang kompanya ng insurance na mapadala ang mga bill sa lalong madaling panahon matapos kang makatanggap ng paggamot o maaaring hindi nila bayaran ang bill. Makikita sa iyong pangwakas na bill ang aktwal na gastos ng pangangalaga bawas ang alinmang natanggap na kabayaran mula sa insurance at/o kabayaran na natanggap sa panahon ng inyong pagbisita. Responsibilidad mo ang lahat ng singil na hindi sinasaklawan ng iyong insurance.

Kung hindi ka kwalipikado para sa Medikal na Tulong ng Maryland o pinansiyal na tulong sa ilalim ng Patakaran ng Pinansiyal na Tulong, maaaring kwalipikado ka para sa pinatagal na plano sa pagbayad (extended payment plan) para sa iyong medikal na bill.

Hindi kabilang sa bill ng ospital ang singil ng mga doktor at hiwalay itong sinisingil. Pinapasimple ng Johns Hopkins ang aming pahayag ng bayarin (billing statement). Para sa mga serbisyo pagkatapos ng Hulyo 23, 2018, makatatanggap ka ng isang bill para sa iyong pangangalaga sa Johns Hopkins Health System (hindi kasama ang Behavioral Health). Gayunpaman, maaaring makatanggap ka pa rin ng magkakahiwalay na bill para sa mga serbisyong natanggap bago ang Hulyo 23, 2018, hanggang mabayaran ang mga balanse na iyon mula sa mga naka-base sa ospital na mga doktor tulad ng mga anesthesiologist, pathologist, at pati na rin mula sa mga pribadong doktor sa komunidad.